

Nag-aalala ba kayo sa pambayad ng inyong renta? Maaaring makatanggap ng ayuda

Milyun-milyong mga umuupa ang nahihirapang magbayad ng kanilang renta sa panahon ng coronavirus pandemic. Kung nahihirapan kayo sa pagbayad ng inyong renta, utilities, o kaya ibang mga gastusin sa bahay, maaaring may ayuda para sa inyo.

Namahagi ng bilyun-bilyong dolyar ang U.S. Treasury Department para sa mga ahensya ng gobyerno sa lebel ng state, local, at tribal upang makapagbigay ng ayudang pang-emerhensiya sa pambayad ng upa para sa mga kwalipikadong mga pamilya.

Maghanap ng ayuda para sa renta

Inilunsad ang programang Emerhensiyang Tulong sa Renta upang tulungan ang mga umuupang panatilihin ang katatagan ng kanilang tirahan sa gitna ng pandemic. Ang ayudang ito ay ipinapamahagi ng mga state at local government.

Ang pamamahagi ng ayuda ay depende sa partikular na programang inilunsad ng bawat state, local, o tribal na ahensya ng gobyerno. Posibleng makapag-apply ka mismo para sa ayuda, o maaaring kakailanganing mong kausapin ang inyong landlord para makapagsumite ng aplikasyon.



Hanapin kung saan pwedeng mag-apply

Upang makahanap ng ahensiyang lokal o sa state ninyo kung saan kayo pwedeng mag-apply para sa tulong sa rent, bisitahin ang cfpb.gov/govrent. Kung hindi ka makahanap ng lokal na programa, tumawag sa 2-1-1 o sa inyong lokal na housing authority.

Para maging kwalipikado, kailangang nakaranas ka ng paghihirap dulot ng COVID-19 pandemic, pumasok sa lokal na kwalipikasyon ng kinikita, at may utang sa renta. Maaaring iba-iba ang mga

kwalipikasyon depende sa lokal na programa sa inyo, kaya mainam na suriin ang mga programa sa inyo kung nag-aalala kayo sa inyong renta.

Ang emerhensiyang tulong sa renta ay maaaring makatulong sa inyong utang sa renta sa gitna ng COVID-19 pandemic. Depende sa lokal na programa sa inyo, maaari ka ring makatanggap ng ayuda sa haharaping bayad sa renta hanggang sa tatlong susunod na buwan. Depende sa mga lokal na program sa inyo, maaari ka ring makatanggap ng tulong-pinansyal sa utilities tulad ng kuryente, gas, tubig, atbp. Maaaring makatulong ang ayudang ito para sa mga late fees, pambayad sa internet, at gastusin sa paglipat – tulad ng security deposit, application fee, o kaya screening fee.

Humingi ng karagdagang tulong

Samantalahin ang libreng tulong

Kung kailangan niyo ng tulong sa isang lokal na eksperto, kontakin ang housing counseling program ng Department of Housing and Urban Development (HUD). Tumawag sa 800-569- 4287 o bisitahin ang consumerfinance.gov/find-a-housing-counselor.

Magpakonsulta sa abogado

Ang inyong lokal na bar association o kaya legal aid office ay maaaring makipag-ugnayan sa inyo para sa libre o murang tulong-legal.

Tungkol sa amin

Ang Consumer Financial Protection Bureau (CFPB) ay isang modernong ahensiya na tumutulong sa maayos na takbo ng kalakaran ng pinansiyang pang-mamimili sa pagtupad ng mga epektibong panuntunan na nagpapalakas ng kanilang kakayahang pangkabuhayan.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa consumerfinance.gov.

Ang layunin ng U.S. Department of the Treasury ay ang pagsusustento ng malakas na ekonomiya at ang paglikha ng mga oportunidad na pangkabuhayan sa pamamagitan ng pagtaguyod ng paglago ng ekonomiya at estabilidad sa lokal at sa ibayo, pagpapalakas ng nasyonal na seguridad sa pamamagitan ng paglaban sa mga banta at pagprotekta ng integridad ng sistemang pinansyal, at epektibong pamamahala ng pinansya at kayamanan ng gobyernong U.S.